

**KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD**

1215 O Street, MS 7-40  
Sacramento, CA 95814  
TTY: 711  
(833) 421-0061



Abril 26, 2023

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: MGA NIREBISANG SINGIL SA MGA SERBISYO SA PINANSYAL NA PAMAMAHALA

Alinsunod sa direktiba ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Kagawaran) na inilabas noong [Disyembre 21, 2018](#), hindi maaaring magpataw ang isang Serbisyo sa Pinansyal na Pamamahala (Financial Management Service, FMS) ng buwanang singil na lalabis sa mga pinakamataas na singil na nakapaskil sa website ng Kagawaran. Alinsunod sa direktiba ng Kagawaran na inilabas noong [Hulyo 27, 2022](#), ang mga singil ng FMS ay binabayaran ng regional center ng kalahok sa Self-Determination Program (SDP) na hindi kasama sa indibidwal na badyet ng kalahok sa SDP.

Epektibo mula Mayo 1, 2023, nagtakda ang Kagawaran ng mga bagong pinakamataas na buwanang singil (kalakip) na ibabayad sa mga tagapagkaloob ng FMS para sa mga serbisyong ibinibigay sa mga kalahok sa SDP. Noong nakaraan, ang mga buwanang singil ng FMS ay nakabatay sa kabuuang bilang ng mga serbisyong nakalista sa plano ng paggasta. Ang kalakip na buwanang singil ng FMS ay batay sa kabuuang bilang ng mga empleyado at tagapagkaloob na nakalista sa plano ng paggasta ng kalahok sa SDP. Ang mga indibidwal lamang na direktang nagtatrabaho sa FMS o kalahok ang bahagi ng kabuuang ito - hindi ito naaangkop sa mga empleyado ng tagapagkaloob na binabayaran ng FMS.

**Pagpapasya ng Singil ng FMS**

Tinutukoy ang singil ng FMS gamit ang kabuuang bilang ng mga empleyado (full time at part time) at mga tagapagkaloob na ipinapakita sa plano ng paggasta ng kalahok sa SDP. Kung ang bilang ng mga empleyado at tagapagkaloob ay nagbago sa panahong mas mahaba sa tatlong buwan, hihiling ang FMS ng na-update na plano ng paggasta mula sa kalahok na nagsasaad ng pagbabago sa kabuuang bilang ng mga empleyado at tagapagkaloob; at aabisuhan ang regional center tungkol sa pagbabago. I-update ng regional center ang buwanang halaga na ibinabayad sa mga tagapagkaloob ng FMS alinsunod dito.

**"Bumubuo ng mga Partnership, Sumusuporta sa mga Pagpili"**

Mga Executive Director ng Regional Center  
Abril 26, 2023  
Ikalawang pahina

Mga Singil para sa mga Kalahok na ang Mas Gustong Wika ay Hindi Ingles

Dapat gamitin ng mga regional center ang mga singil na ipinapakita sa talahanayang "Mga Singil para sa mga Kalahok na ang Mas Gustong Wika ay Hindi Ingles" kapag ang mas gustong wika ng kalahok, sumusuportang miyembro ng pamilya, legal na kinatawan, o awtorisadong kinatawan na sumusuporta sa paglahok ng indibidwal sa SDP ay hindi Ingles.

Kung ang mga kalahok sa SDP o kanilang mga pamilya ay may mga tanong tungkol sa paunawang ito, kailangan nilang makipag-ugnayan sa kanilang tagapag-ugnay ng serbisyo sa regional center. Ang mga tanong mula sa mga tagapagkaloob ng FMS ay dapat ipaabot sa naaangkop na taong kokontakin sa regional center. Ang mga tanong mula sa mga regional center ay dapat idirekta sa [sdp@dds.ca.gov](mailto:sdp@dds.ca.gov).

Taos-puso,

*Pinirmahan ang Orihinal na Kopya ni:*

VICKI L. SMITH, Ph.D.  
Deputy Director  
Dibisyon sa Pagpapaunlad ng Patakaran at Programa  
(Policy and Program Development Division)

cc: Mga Administrador ng Regional Center  
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center  
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center  
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center  
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad  
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Brian Winfield, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Carla Castañeda, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Ernie Cruz, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Suzy Requarth, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Kathleen Dempsey, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad